

Yamang holiday ngayon, sulitin natin ang araw para sariwain ang diwa ng Edsa I sa pamamagitan ng pakikinig sa mga kaugnay na awitin. Narito ang ilang awitin, kalakip ang ilang related readings. ([I-click ang mga kulay asul na pamagat](#)).

Bersyong orihinal ng ["Handog ng Pilipino sa Mundo"](#) ng Apo Hiking Society atbp.

["A New and Better Way"](#) (English version ng "Handog ng Pilipino sa Mundo")

[Bersyong 2023 ng "Handog ng Pilipino sa Mundo"](#) (may karagdagang bersong rap na nagbibigay-diin sa paglawak ng agwat ng mayayaman at mahihirap at nagbibigay-inspirasyon para ituloy ang laban para sa mas makatarungang sistema ng lipunan na maghahatid ng kaunlaran para sa lahat sa halip na para sa ilan lamang)

["Sayaw sa Bubog"](#) ng The Jerks

["Kumusta Na"](#) ng Yano

["Euphoria, Pakikibaka, at Bahala Na: Kontekstuwalisasyon ng Piling Awiting Post-EDSA"](#) ni David Michael San Juan (paliwanag tungkol sa "Handog ng Pilipino sa Mundo," "Sayaw sa Bubog" at "Kumusta Na")

["Pagbabago"](#) ng Asin/[Jess Santiago](#) (may pagtukoy sa kabiguan ng Edsa I at mga kasunod pa nito na maiahon sa hirap ang sambayanan; nagbibigay-diin sa patuloy na pakikibaka para sa makatarungang lipunan, lagpas pa sa mga isang linggong kilos-protestang nagpapataksik ng mga pangulo ngunit hindi nagagawang baguhin ang bulok na sistemang pinamumunuan ng mga dinastiyang sakim)

["The Culture of Resistance: A Study of Protest Songs from 1972-1980"](#) ni Teresita Gimenez-Maceda (may detalye hinggil sa iba pang awitin ni Jess Santiago, Heber Bartolome at iba pa)

["Lipad ng Pangarap"](#) ni Dessa (isa sa mga awiting kalahok sa Himig Hando sa Bayaning Pilipino noong Oktubre 2000, sa panahon ng impeachment trial ni dating Pangulo Joseph Ejercito Estrada; malao'y naging isa sa mga popular na awitin sa kasagsagan ng Edsa II/Edsa Dos noong Enero 2001 na nagpatalsik kay Estrada)

["Ka Bayani"](#) ni Gary Granada (grand winner sa Himig Handog sa Bayaning Pilipino noong 2000; popular na awitin rin sa kasagsagan ng Edsa II)

["Para sa 'Yo'"](#) ni Trina Belamide (isa rin sa mga awiting kalahok sa Himig Handog sa Bayaning Pilipino noong 2000; popular na awitin rin sa kasagsagan ng Edsa II)

["Magkaisa"](#) ni Virna Lisa

["Protest Songs in EDSA 1: Decoding the People's Dream of an Unfinished Revolution"](#) ni Marlon S. Delupio (may detalye hinggil sa "Magkaisa")

"Bayan Ko" (bersyon ni Freddie Aguilar; inawit sa isang malaking rali sa Luneta, Maynila noong 1986)

"No Mas Amor Que El Tuyo" (publikong pag-awit sa Luneta noong 1986 ng awiting Katoliko; sa esensya, ang pag-awit nito na pinangunahan ni Manila Archbishop Jaime Cardinal Sin ay tila pagbibigay-diin sa "exorcism" o "pagpapalayas sa demonyo" - ang rehimeng korap at mamamatay-tao, kumbaga; "La iniquidad no puede/Ser de estas islas dueña...Las puertas del infierno/No prevalecerán..." ang sabi ng awitin o sa Filipino: "hindi magagawa ng kasamaan/na maging may-ari ng mga islang ito...Ang mga pintuan ng impiyerno ay hindi makapananaig...")

"Bayan Ko" ng People's Chorale (ang bersyong ito ay may dagdag na bersong madalas inaawit sa mga kilos-protesta mula pa sa panahon ng diktadurang Marcos hanggang ngayon: "kaysarap mabuhay/sa sariling bayan/kung walang alipin at may kalayaan/ang bayang sinisiil/babango't lalaban din/ang silanga'y pupula/sa timyas ng paglaya"; posibleng ang bersong ito'y inspirado ng mga berso sa mas matandang awiting **"Sa Sariling Bayan"** na ang pinakapopular online ay bersyong inawit ng Mabuhay Singers; may mga bersyon din ng **"Bayan Ko" na kalakip ang mas maraming berso mula sa "Sa Sariling Bayan" o "Ang Bayan Kong Hirang"**)

"Bayan Ko" bersyon ng Asin (kalakip ang isang berso mula sa himno ng Maynila)

"Bayan Ko" kalakip ang "Pilipinas Kong Mahal" sa areglo ni Chino Toledo

"Reviving the Spirit of Revolution: Songs of EDSA" ni Christi-Anne Castro

Medley ng mga awitin ng First Quarter Storm/FQS Movement (kalakip ang awiting **"Ang Masa"** na nagbibigay diin sa papel ng sambayanan bilang "tagapaglikha ng kasaysayan" gaya sa Edsa I at marami pang himagsikang-bayan)

"Martsa ng Bayan" ni Jess Santiago (awiting sinulat sa mga unang taon ng dekada 80; nananawagan na magkaisa ang iba't ibang sektor para "lansagin ang pasistang diktadura"; mainam basahin ang [blog article tungkol dito](#))

"O Bayan Ko" ni Ryan Cayabyab (unang inawit sa sentenaryo ng deklarasyon ng kalayaan ng Pilipinas; may detalye sa [artikulong ito](#))

"Pagbabagong Nagbabago" ng Buklod (naisulat sa panahon ng rehimeng Duterte; may pagdedetalye sa mga kontemporaryong isyung ekonomiko at politikal; gumugunita sa "Noon ay nagka-EDSA/Bumagsak ang diktadura/Lahat ay kayang-kaya/Kung tayo ay nagkaiisa"; may [mga kaugnay na awitin sa post na ito ng Rappler](#))

"Tatsulok" ng Buklod (bahagi ng album na "Karapatang Pantao" ng iba't ibang progresibong mang-aawit noong 1989, 3 taon lamang pagkatapos ng Edsa I; ang **buong Karapatang Pantao playlist** ay nasa YouTube; marami sa mga awiting ito ang inaawit pa rin sa mga kilos-protesta at/o mga paggunita sa Edsa I at/o sa mga biktima ng mga

rehimeng pasista mula noon hanggang sa mga sumunod na dekada; ang bersyon ng ["Tatsulok"](#) ni Bamboo ay nagbigay ng karagdagang popularidad sa awiting ito)

["Pananagutan"](#) ni Fr. Eduardo Hontiveros/Himig Heswita (awiting pansimbahan na naisulat noong dekada 70; ang bersyon ng music video nito ay nagpapakita na ang konsepto ng "pananagutan" ay isinasabuhay ng mga Pilipino sa pamamagitan ng mga himagsikang-bayan na naghahangad gawing mas mabuti ang sitwasyon ng bawat Pilipino)

(Inihandang Komite sa Edukasyong Pangmadla ng Tanggol Wika, 2023)